


Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ang Pamilihan at Iba’t-ibang Istruktura Nito



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Ang Pamilihan at Iba’t-ibang Istruktura Nito
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Reyanldo G. Ocampo, Julious A. Lerias
Editor:	Serapion P. Cabatingan, Jr., Nelson S. Lasagas
Tagasuri:	Ramel P. Cael
Tagaguhit:	Amphy B. Ampong
Tagalapat:	Pepe M. Tabanao, Jr., Elizalde Piol
Tagapamahala:	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Danny A. Cordova Ma. Diosa Z. Peralta Ma. Madelene P. Mituda Alelen Zinnia A. Pancho

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan
Ikalawang Markahan – Modyul 4:
Ang Pamilihan at Iba't-ibang
Istruktura Nito

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Matapos malaman ang mga konsepto ng demand, suplay, at ang interaksyon ng bawat isa sa ekonomiya, ngayon naman ay iyong tutuklasin ang pamilihan at ang tungkol sa mga estruktura ng pamilihan na magbubukas ng iyong isipan bakit may mga kalakal na mangilan ngilan lamang ang nagtitinda, may maraming nagtitinda at may iisa lamang ang nagtitinda sa pamilihan. Sa pag-aaral sa modyul na ito inaasahan ka na makuha ang mga pamantayang nasa ibaba at ang mga layuning dapat marating na maging gabay habang binabaybay mo ang pagtuklas sa mga kaalaman ng paksang ito.

A.) Layunin

I. Pangkalahatan

Nasusuri ang kahulugan at iba't ibang istruktura ng pamilihan (ArPan9, Q2, W6-7, MELCs, 2020)

II. Tiyak

- a. Naibibigay ang kahulugan ng pamilihan
- b. Naiisa-isa ang iba't ibang estruktura ng pamilihan;
- c. Naibibigay ang kahulugan ng iba't ibang estruktura ng pamilihan;
- d. Naihahambing ang katangian ng iba't ibang estruktura ng pamilihan,
- e. Napahahalagahan ang katangian ng iba't ibang estruktura ng pamilihan.

B.) Paksa at mga Kagamitan

- a. Ang Pamilihan at Iba't ibang Estruktura Nito
- b. Lapis, Papel, Ballpen, at Aklat



Subukin

Bago simulan ang pag-aaral sa modyul na ito kumuha ng isang kapat na papel at sagutin ang mga sumusunod na mga tanong upang masukat kung may naisip o may karanasan ka na ba sa paksang pag-aralan. Sa napag-aralan mong aralin malamang may ideya ka na rin sa pagsagot sa mga tanong sa paunang pagtataya.

1. Ang pamilihang may ganap na kompetisyon ang sinasabing pinakamodelong estruktura ng pamilihan dahil sa dami ng nagbebenta o dami ng konsyumer. Ang sumusunod ay katangian ng estrukturang ito maliban sa:
 - a. malayang kalakalan sa bilihan
 - b. may kakaibang produkto
 - c. maraming prodyuser at konsyumer
 - d. malayang paggalaw ng mga sangkap pamproduksiyon
2. Ang pamilihan ay sinsabing may ganap na kompetisyon kapag ang sinumang prodyuser ay walang kapangyarihan na palitan o baguhin ang presyo sa pamilihan. Paano nakakatulong ang ganap na kompetisyon sa pamilihan?
 - a. sumisigla ang kompetisyon sa pamilihan dahil marami ang konsyumer at prodyuser
 - b. napapababa ng prodyuser ang kalidad ng kanilang produkto
 - c. nakakakuha ng malaking tubo ang mga prodyuser
 - d. hindi nakakahikayat sa ga prodyuser na magpasol ng produkto
3. Sa estrukturang ito hawak ng isang kamay lamang ang pagpagalaw sa presyo sa pamilihan.
 - a. monopolyo
 - b. oligopolyo
 - c. monopsonyo
 - d. ganap na kompetisyon
4. Katangian ng isang istrukturang ito na siya ang taga konsumo sa produkto at serbisyo ng maraming prodyuser.
 - a. oligopolyo
 - b. monopsonyo
 - c. monopolyo
 - d. monopolistikong kompetisyon

Para sa bilang 5 suriin ang sumusunod na larawan.



5. Batay sa iyong pagsusuri, sa anong istruktura ng pamilihan nabibilangang mga larawang nasa itaas?
 - a. monopolyo
 - b. oligopolyo
 - c. ganap na kompetisyon
 - d. monopolistikong kompetisyon
6. Ayon sa ipinakita sa larawan sa anong paraan nagkaroon ng kalayaan ang mga mamimili sa pamilihan?
 - a. kung maraming prodyuser na gumagawa ng maraming mapagpiliang produkto
 - b. kung iisa lang ang nagtitinda ng produkto
 - c. mangilangilan lamang ang nagtitinda ng magkaparehang produkto
 - d. kapag natutugunan ang pangangailangan ng mamimili

7. Kung paghambingin ang dalawang estruktura ng pamilihan na monopolyo at monopsonyo, alin sa dalawang ito ang sa tingin mo ay may kakayahan na itakda ang presyo sa pamilihan?
 - a. monopolyo, sapagkat walang pamalit ang mga produkto
 - b. monopsonyo, sapagkat iisa lamang ang konsyumer
 - c. pareho lamang sapagkat ang mga katangian ng dalawang estrukturang ito ay kabilang sa hindi ganap na kompetisyon.
 - d. wala ni isa man sa dalawang anyo ng pamilihan sapagkat ang pagbili naman ng produkto at serbisyo ay nasa desisyon pa rin ng konsyumer

8. Sa ganap na kompetisyon ng istruktura ng pamilihan, may maraming mapagpipiliang produkto, nalilito ka sa pagpili ano ang bibilihin mo, paano mo masabi na ikaw ay lumikha ng tamang desisyon sa pagbili ng nagustuhang produkto?
 - a. binibili ang produktong sapat lamang sa pangangailangan
 - b. binibili ang produktong may murang presyo
 - c. binibili ang produktong may magandang hitsura
 - d. sinusuri kung nasa tama ba o wastong sukat at timbang ang produkto

9. Base sa umiiral na kalakaran na monopolyo ng tubig at kuryente, nababatid mo bang nagkaroon ng kalayaan ang mamimili sa pagbili ng produkto?
 - a. oo dahil ang tubig at kuryente ay mga produktong walang kapalit
 - b. oo dahil ang tubig at kuryente ay mga produktong sadyang kailangan
 - c. hindi dahil napilitan lamang ang mamimili sa kadahilanang iisa lang angnagtinda sa naturang produkto at wala na siyang mapagpilian
 - d. hindi dahil mahal ang gastusin sa paglikha ng mga produktong ito

10. Kabahagi sa buhay ng tao ang pamilihan sa araw-araw na gawain, dito niya binili ang kailanganing produkto mahal o mura man wala siyang mapagpilian dahil sa mga estrukturang umiiral sa pamilihan, bilang mag-aaral paano mo maipapakita na ikaw ay may pagpapahalaga sa paggamit ng mga produkto?
 - a. gawin ang tamang paraan sa paggamit ng produkto at isa-alang alang ang kaligtasan sa kalusugan at kapaligiran
 - b. gawin ang proseso sa paggamit ng produkto ayon sa nakaugalian
 - c. gawin ang mabuting paggamit ng produkto at pagkatapos itapon kahit saan-saan
 - d. gagawa ng mga produktong patok sa pamilihan

Aralin 1

Ang Pamilihan at Iba't-ibang Istruktura Nito



Balikan Natin

Gawain 1: E-demand at E-Suplay Mo!

Panuto: Basahin ang sitwasyon na nasa column ng Dahilan.

Tingnan kung ano ang mangyayari sa presyo at ipaliwang ito. Gawin ito sa sagutangpapel.

DAHILAN	EPEKTO
Si Elijah ay nag-iisip kung ano ang kanyang bibilhin na bulaklak sa kaarawan ng kanyang ina. Ang kaarawan ng kanyang ina ay tuwing "Araw ng mga Puso".	Ang presyo ng bulaklak ay _____ dahil _____ _____
Tuwing tag-ulan kaunti lamangang suplay ng bigas at isda sa pamilihan dulot ng La Niña.	Ang presyo ng bigas at isda ay <u>dahil</u> _____ _____
Si Princess ay pumunta sa palengke upang bumili ng mangga. Siya ay nagulat dahil napakaraming mangga ang kanyang nakita sa palengke na nakahilera sa ibat-ibang lalagyan.	Ang presyo ng mangga ay _____ dahil _____ _____ _____



Tuklasin

Gawain 2: Pictullage (Picture-Collage). Tuklasin at suriing mabuti ang pinagdidikit na mga larawan at sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba sa iyong sagutang papel.



Mga Tanong:

1. Ano ang ipinakita ng mga larawan?

Sagot: _____

2. May pagkakarpareha o pagkahalintulad ba ang mga katangiang taglay ng mga larawang ipinakita? Bakit?

Sagot: _____

3. Alin sa mga larawan ang may higit kang kaalaman at madalas kang nagkaroon ng ugnayan? Ipaliwanag.

Sagot: _____



Suriin

Matapos mong natuklasan at nasuri ang mga larawan meron ka nang naisip na bagong bagay na sa tingin mo ay magkaugnay sa iyong mga nakitang larawan tungkol sa pamilihan, mga paninda o suplay, demand at presyo. Subukan ngayon ang iyong kakayahang maunawaan at masuri ang iba't-ibang estruktura ng pamilihan. Intindiing mabuti ang iilan sa mga terminolohiyang iyong matuklasan upang matunghayan at higit mong maunawaan ang mga konsepto at kaukulang kahulugan ng mga ito habang tatalakayin o babasahin ang paksang “Ang Pamilihan at Ang Mga Istruktura Nito”.

KONSEPTO NG PAMILIHAN

Ang pamilihan ay mahalagang bahagi ng buhay ng prodyuser at konsyumer. Isang mekanismo o lugar na nagtatagpo ang mga mamimili at nagtitinda ng mga produkto. Ito ang nagsisilbing lugar kung saan nakakamit ng isang konsyumer ang sagot sa marami niyang pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong handa at kaya niyang ikonsumo. Sa kabilang dako, ang mga prodyuser ang siyang nagsisilbing tagapagtustos ng mga serbisyo at produkto upang ikonsumo ng mga tao. Sa pamilihan itinatakda kung anong produkto at serbisyo ang gagawin at kung gaano ito karami. Mayroong dalawang pangunahing tauhan sa pamilihan ang konsyumer at prodyuser. Ang konsyumer ang bumibili ng mga produktong gawa ng mga prodyuser, samantalang ang prodyuser naman ang gumawa ng mga produktong kailangan ng mga konsyumer sa pamamagitan ng mga salik ng produksiyon na pagmamay-ari ng mga sambahayan.

Ang pamilihan ay maaring lokal, panrehiyon, pambansa o pandaigdigang ang lawak. Ang palengke ay tumutukoy sa istruktura kung saan nagaganap ang bentahan ng produkto o serbisyo samantalang ang pamilihan ay isang pamamaraan kung saan ang mga mamimili at nagbibili ay nagkakaroon ng ugnayan upang bumili at magbili ng produkto o serbisyo. Ang salitang pamilihan ay tumutukoy rin sa isang lugar kung saan nagaganap ang palitan ng produkto o serbisyo. Sa ekonomiks, ang pamilihan ay sumasaklaw hindi lamang sa lugar ng bentahan kundi pati na rin sa transaksyong namamagitan sa mamimili at nagbibili. Ayon sa "*Harper Collins Dictionary of Economics*" ito ay isang mekanismo ng palitan sa pagitan ng mamimili at nagbibili. Maliwanag na kahit saang lokasyon ay maaaring magkaroon ng pamilihan kahit hindi sa loob ng palengke.

Ang pamilihan ay maaaring pandaigdigang kung saan ang palitan ng produkto o serbisyo ay isinasagawa sa pamamagitan ng telepono, sulat pangkalakalan o sa pamamagitan ng *internet*. Hindi lamang mga produkto tulad ng bigas, damit at sapatos ang ipinagbibili sa pamilihan maging ang mga instrumentong pampinansiyal tulad ng *securities*, *stocks* ng korporasyon, at mga dayuhang salapi. Ang karaniwang pamilihan na alam ng mga tao ay ang mga lokal na pamilihing pambayan, *shopping malls*, tiyange, at *supermarket*. Sa katunayan, bahagi lamang ito ng pamilihan.

Mga Estructura ng Pamilihan

Sa isang pamilihan, ang mga nagbibili ay nag-aalok ng kanilang produkto o serbisyo sa isang takdang presyo. Kalimitang tinitingnan ng mga nagbibili ang presyo at kalidad ng produkto o serbisyo ng kanilang katunggali sa pamilihan upang matiyak na magiging mabali ang kanilang iniaalok na produkto o serbisyo. Ang mga bumibili naman, sa kabilang banda, ay handang magbayad ng kanilang salapi kung matitiyak nila ang kalidad at kainaman ng presyo ng produkto o serbisyo. Angestructura ng pamilihan ay tumutukoy sa balangkas na umiiral sa sistema ng merkado kung saan ipinapakita ang ugnayan ng konsyumer at prodyuser. Ito ay nahahati sa dalawang pangunahing balangkas----ang pamilihan na may

ganap na kompetisyon (Perfectly Competitive Market (PCM)) at ang pamilihing hindi ganap na kompetisyon (Imperfectly Competitive Market (ICM)). Ang mga ito ay teoretikal na balangkas ng pamilihan. Ang dami at lawak ng kontrol ng *market players* o ang mga konsyumer at prodyuser sa pamilihan ay ang salik na nagtatakda ng estruktura nito. Ang katangian ng dalawang pangunahing balangkas ng pamilihan ay maipapaliwanag ng sumusunod na pahayag:

Pamilihing May Ganap na Kompetisyon

Ito ang estruktura ng pamilihan na kinikilala bilang modelo o *ideal*. Sa ilalim ng ganitong sistema, walang sinuman sa prodyuser at konsyumer ang maaaring makakontrol sa takbo ng pamilihan partikular sa presyo. Ito ay nangangahulugang hindi kayang idikta ng isang prodyuser at konsyumer ng mag-isa ang presyo. Sa panig ng prodyuser, hindi nila ito kayang kontrolin sapagkat maraming nagtitinda ng magkakaparehong uri ng produkto at serbisyo sa pamilihan. Dahil dito, ang mga konsyumer ay may pamimilian kung saan at kanino bibili ng isang partikular na produkto o serbisyo. Ito ay nangangahulugan ng balangkas na lubhang napakaliit ng prodyuser kumpara sa kabuuang bilang ng mga prodyuser sa pamilihan. Ayon kay Paul Krugman at Robin Wells sa kanilang aklat na *Economics 2nd Edition* (2009), ang pamilihing may ganap na kompetisyon ay may sumusunod na katangian:

Maraming maliit na konsyumer at prodyuser – Dahil sa marami at maliit ang konsyumer at prodyuser, walang kakayahan na maimpluwensiyahan ang presyo na papabor sa interes ng sinuman sa pamilihan.

Magkakatulad ang produkto (*Homogenous*) – Ito ay nangangahulugang maraming produkto na magkakatulad kung kaya't ang konsyumer ay maraming pagpipilian. Halimbawa, ang pechay, na galing sa Benguet ay walang pagkakaiba sa pechay na galing sa Nueva Ecija.

Malayang paggalaw ng sangkap ng produksiyon – Dahil walang direktang may kontrol sa mga salik ng produksiyon, maraming mapagkukunan ng mga sangkap para makabuo ng mga produkto. Bunga nito, maraming produkto ang nagkakatulad na maaaring ipagbili sa pamilihan.

Malayang pagpasok at paglabas sa industriya – Ang pamilihan partikular na ang sistema ng pagnenegosyo ay bukas sa lahat ng may kapasidad na maibahagi. Walang kakayahan ang mga dating prodyuser na sila ay hadlangan o pagbawalan sa pagpasok sa pamilihan. Ito ay nakatutulong upang paigtingin ang kompetisyon sa pamilihan na nagdudulot para siguraduhin ng mga prodyuser na ang kanilang produkto ay may mataas na kalidad at tamang presyo upang tangkilikin ng mga konsyumer. Kabaligtaran ito sa ibang estruktura ng pamilihan na may kakayahan ang mga prodyuser na hadlangan ang pagpasok ng mga kakumpitensya sa pamilihan.

Malaya ang Impormasyon ukol sa pamilihan – Dahil ang sistema ay malaya, ang pagdaloy ng impormasyon lalo na sa pagtatakda ng presyo at dami ay bukas

para sa kaalaman ng lahat. Malayang makagagawa at makapagbebenta ang isang prodyuser sa pamilihan. Gayundin, ang mga konsyumer ay malaya kung bibili o hindi bibili ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.

Pamilihang May Hindi Ganap na Kompetisyon

Ang sumusunod na anyo ang bumubuo sa pamilihang may hindi-ganap nakompetisyon.

Monopolyo – Ito ay ang uri ng pamilihan na iisa lamang ang prodyuser na gumagawa ng produkto at nagbibigay-serbisyo kung kaya't walang pamalit o kahalili. Dahil dito, siya ay may kakayahang impluwensiyahan ang pagtatakda ng presyo sa pamilihan. Sa ganitong kadahilanan, ang mga konsyumer ay napipilitang tanggapin na lamang ang pagiging makapangyarihan ng mga monopolista dahil walanang ibang mapagpipilian at nag-iisa lamang ang produkto o serbisyo sa pamilihan. Ang mga halimbawa ng mga prodyuser na nasa ganitong uri ay ang mga kompanya ng koryente sa aspekto ng *transmission*, tubig, at tren. Ang mga pangunahing katangian ng monopolyo ay ang sumusunod:

Iisa ang nagtitinda – Dahil iisa ang nagbebenta, ang presyo at dami ng *supply* ay idinidikta, batay sa tinatawag na *profit max rule* o pagnanais ng prodyuser na makakuha ng malaking kita.

Produkto na walang kapalit – Ang mga produkto ay walang kauri at walang tuwirang kahalili (substitute) kaya nakontrol ang presyo at dami ng *supply*.

Kakayahang hadlangan ang kalaban – Dahil sa mga *patent*, *copyright*, at *trademark* gamit ang batas sa Intellectual Property, hindi makapasok ang ibang nais na maging bahagi ng industriya na kaparehas sa hanay ng produkto at serbisyong nililikha ng mga monopolista.

Kaugnay nito, batay sa World Intellectual Property Organization, ang *copyright* ay isang uri ng *intellectual property right* na tumutukoy sa karapatang pagmamay-ari ng isang tao na maaaring kabilang ang mga akdang pampanitikan (*literaryworks*) o akdang pansining (*artisticworks*). Kabilang din dito ang mga gawa gaya ng aklat, musika, *paintings*, iskultura, pelikula, *computer programs*, *databases*, *advertisements*, *maps*, at *technicaldrawings*.

Samantala, ang *patent* naman ay pumoprotekta sa mga imbentor at kanilang mga imbensyon. Ito ay ipinagkakaloob ng gobyerno sa isang imbentor upang mapagbawalan ang iba na gawin, gamitin, ibenta, iangat, at iluwas ang imbensiyon niya kapalit ng pagsisiwalat sa publiko ng mga detalye ng kaniyang imbensiyon. Angimpormasyong ito ay maaaring gamitin sa hinaharap para magkaroon ng inobasyon at pag-unlad.

Ang *trademark* naman ay ang paglalagay ng mga simbolo o marka sa mga produkto at serbisyo na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan ng kompanyang may gawa o nagmamay-ari nito. Sa kabilang banda, mayroon ding mga prodyuser na kabilang sa tinatawag na *natural monopoly* o iyong mga kompanyang binibigyang karapatan na magkaloob ng serbisyo sa mga mamamayan. Ito ay dahil sa kaya nilang gawin ang mga produkto at serbisyo sa mas mababang gastos kaysa sa kumuha pa ng mas maraming kompanya. Magiging episyente ang paggamit ng pinagkukunang yaman kung pahihintulutan lamang ang ilan sa halip na maramihan dahil

hahantong ito sa maagang pagkaubos ng mga pinagkukunang- yaman. Mapipigilan rin ang pag-aaksaya ng mga pinagkukunang yaman kung hindi episyente ang paraan ng produksiyon ng maraming negosyante. Sa pangmatagalang panahon (*long run*), inaasahang mapagbubuti ng mga negosyo ang paraan at episyenteng produksiyon na magdudulot ng malaking eskala ng produksiyon at mababang gastos na hahantong din sa pagbaba ng presyo ng produkto o serbisyo. Ang ganitong pangyayari ay tinatawag na economies of scale. Ang mga halimbawa ng mga serbisyo na ibinigay sa konsyumer sa ganitong estruktura ay tulad ng kuryente ng National Grid Corporation of the Philippines o NGCP at Meralco at ang serbisyo ng tubig ng Manila Water at Maynilad.

Monopsonyo – Sa ganitong uri ng pamilihan, mayroon lamang iisang konsyumer ngunit maraming prodyuser ng produkto at serbisyo. Sa ganitong kalagayan, may kapangyarihan ang konsyumer na maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan. Ang mabisang halimbawa ng ganitong anyo ng pamilihan ay ang pamahalaan na nag-iisang kumukuha ng serbisyo at nagpapasahod sa mga organiko at di-organikong personahe ng Philippine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP), Bureau of Fire Protection (BFP), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), mga guro ng Department of Education (DepEd), mga nars sa Department of Health (DoH), mga Traffic Enforcers ng Metro Manila Development Authority (MMDA) o iba pang mga kawani ng pampublikong sektoray estrukturang monopsonyo sa dahilang iisa lang ang kumukuha ng kanilang serbisyo. Dahil ang pamahalaan ang nag-iisang kumukuha ng serbisyo ng mga nabanggit bilang mga empleyado, ito ay may direktang kapangyarihan sa pagtatakda ng halaga ng pasahod sa mga ito.

Oligopolyo – Ito ay isang uri ng estruktura ng pamilihan na may maliit na bilang o iilan lamang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto at serbisyo. Sa ganitong uri ng pamilihan, maykakayahan ang prodyuser na maimpluwensiyahan o madiktahan ang presyo naumiiral sa pamilihan. Iilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng produkto sa pamilihan ay ang semento, bakal, ginto, at petrolyo. Maaari din nilang gawin ang *hoarding* o ang pagtatago ng produkto upang magkulang ang *supply* sa pamilihan na magdudulot ng pagtaas ng pangkalahatang presyo. Sa ganitong sistema, maaring magkaroon ng pagkontrol o sabwatan ang mga negosyante na tinatawag na *collusion*. Ito ay nagaganap partikular na sa presyo sa ilalim ng kartel o samahan ng mga oligopolista. Ang konsepto ng kartel ay nangangahulugang pagkakaroon ng *alliances of enterprises*. Hindi pinahihintulutan ang pagkakaroon ng kartel sa ating bansa upang mabigyan ng proteksiyon at isulong ang kapakanan ng mga konsyumer ayon sa itinatakda ng Consumers Act of the Philippines o Republic Act 9374 na isinabatas noong Abril 23, 2011. Ayon kay Adam Smith, ang mga negosyante ay hindi aktuwal na nagkikita upang pag-usapan ang takbo ng kanilang mga negosyo subalit sila aynagkakaroon ng pagkakaunawaaan sa pamamagitan ng sabwatan sa pagtatakda ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.

Ang Organization of Petroleum of Exporting Countries (OPEC) ay


isang halimbawa ng pandaigdigang kartel sapagkat sila ang nagtatakda ng *supply* at presyong produktong petrolyo sa buong daigdig. Ang samahang ito ay naitatag noong September 10-14, 1960 sa ginanap na Baghdad Conference sa Baghdad, Iraq. Ito ay pinasimulan ng *five founding countries* na binubuo ng Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia, at Venezuela. Sa kasalukuyan ayon sa WIKIPEDIA umabot na sa 16 bansa na ang kasapi nito, ito ang mga bansang Algeria, Angola, Ecuador, Equatorial Guinea, Gabon, Iran, Iraq, Kuwait, Libya, Nigeria, the Republic of the Congo, Saudi Arabia (the de facto leader), United Arab Emirates, Venezuela, Indonesia at Qatar. Ilang halimbawa ng mga produkto na nasa ilalim ng estrukturang oligopolyo na una nang nabanggit ay tulad ng semento na ang mga malalaking planta nito ay nasa Naga City sa Cebu, ang Apo Cement Corporation. Davao City sa Davao del Sur ang Holcim Philippines Incorporated at Makati City sa Metro Manila ang Solid Cement Corporation. Langis o gasolina na iilang kompanya lamang ang nagtitinda nito tulad ng Petron, Shell, Caltex, Chevron Philippines, Sea Oil Philippines, Phoenix, Uni Oil at iba pang kompanya. Sa bakal naman ang mga kompanyang TDT Powersteel Corporation sa Cebu City, LEC Steel Manufacturing Corporation sa Quezon City, Puyat Steel Corporation sa Makati City at iba pa.

Monopolistic Competition – Sa ilalim ng ganitong uri ng estruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga konsyumer. Gayunpaman, may kapangyarihan pa rin sa pamilihan ang mga prodyuser na magtakda ng presyo ng kanilang mga produkto. Dahil sa *product differentiation*, ang katangian ng mga produkto na ipinagbibili ay magkakaipareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig. Ang kanilang pagkakaipareho ay maaaring sa uri ng produkto gaya ng *shampoo*, sabon, o *toothpaste*. Sila ay nagkakaiba-iba sa *packaging*, *labeling*, presentasyon, at maging sa lasa o *flavor*. Ginagawa ito ng mga prodyuser sapagkat ang kanilang layunin sa product differentiation ay kumita at mas makilala ang kanilang mga produkto. Layunin din ng mga prodyuser na maitaas ang antas ng kasiyahan ng konsyumer. Ang *advertisement* o pag-aanunsiyo ay isang mabisang pamamaraan na ginagamit ng mga prodyuser upang maipakilala ang kanilang mga produkto at serbisyo. Ang mga halimbawa ng mga produkto at serbisyong ipinagkakaloob sa pamilihing may *monopolistic competition* ay ang mga sabong panlaba at pampaligo, *toothpaste*, pabango, *fabric conditioner*, *cellphone*, *softdrinks*, *appliances*, *fastfood restaurant*, serbisyo ng mga ospital, *hair salon*, *beauty & cosmetics product*, at marami pang iba. (Balitao, 2012).

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang kahulugan ng pamilihan?
2. Ilan ba ang mga pangunahing estruktura ng pamilihan?
3. Anu-ano ang mga pangunahing istrukturang ito?


Pagkatapos sa pagsusuri inaasahang may marami kang nakuhang bagay na ngayon mo lang nalaman. Ihanda ang iyong sarili sa mga gawaing pagpapayaman upang masukat gaano kalawak ang iyong kaalaman sa paksang napag-aralan.



Pagyamanin

Gawain 3: GRAPHIC ORGANIZER

Sa gawaing ito sagutin mo ang mga tanong sa ibaba at isulat ang iyong mga sagotsa kalahating papel.



Pamprosesong Tanong:

1. Ibigay ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilihan?
2. Anu-ano ang mga estruktura na bumuo ng pangalawang pangunahing estruktura ng pamilihan?
3. Ano ang katangian ng mga estruktura ng pamilihing ito?
4. Nakaapekto ba ang mga estruktura ng pamilihing ito sa ugnayan ng presyo, demand at suplay ng mga produkto sa pagtugon ng pangangailangan ng tao? Bakit?


Sa pangalawang gawain nasuri ang iyong preliminaryong kaalaman tungkol sa aralin dahil nabuo mo ang graphic organizer, ngayon patalasin mo pa ang iyong kaisipan sa pamamagitan ng pagsusuri sa pinag-samang mga kompanya, produkto at serbisyo o paglilingkod sa ibaba. Kilalanin anong estruktura ng pamilihan ang mga pinagsasamang mga kompanya, produkto at serbisyo o paglilingkod. Isulat ang sagot sa $\frac{1}{4}$ na papel.

GAWAIN 4: MARKET STRUCTURE IDENTIFICATION: THREE WORDS ONEMARKET STRUCTURE

	Mga kompanya, produkto at serbisyo o paglilingkod	Estruktura ng Pamilihan
1.	Sapatos, T Shirt, Pantalón	
2.	Patis, Vegetable Oil, Suka	
3.	Prutas, Karne, Gulay	
4.	Pulis, Sundalo, Bombero	

5.	Tubig, Telepono, Kuryente	
6.	Sabon, Shampoo, Toothpaste	
7.	MRT, LRT, PNR	
8.	Bakal, Gasolina, Semento	
9.	Cellphones, Softdrinks, Home Appliances	
10.	Maynilad, Manila Water, NGCP	
<p>Nakilala at nahusgahan mo na ang mga kompanya, produkto at serbisyo o paglilingkod kung anong estruktura ng pamilihan nabibilang ang mga ito, ngayon kailangan pang dagdagan ang iyong kalinangan upang higit pang mahasa ang iyong kagalingan. Ihanda mo ang iyong sarili sa isa pang gawain. Sa gawaing ito paghambingin mo ang iba't ibang estruktura ng pamilihan sa pamamagitan ng paglalagay sa Venn Diagram ng pagkakatulad at pagkakaiba ng katangian ng bawat istruktura. Gamiting gabay ang halimbawang ibinigay pagkatapos sagutin ang mga pamprosesong tanong. Isulat ang iyong sagot sa kalahating papel.</p>		

Gawain 5: MARKET-ANALYSIS; VENN DIAGRAM



Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga estruktura ng pamilihan ang iyong pinaghahambing?
2. May pagkakatulad ba ang katangian sa mga estruktura?
3. Sa anu-anong mga katangian naman sila nagkaroon ng pagkakaiba?
4. Ano ang iyong naging pananaw nang nalaman mo ang katangian ng mgaestrukturang ito bilang mamimili?

Gawain 6: JUMBLED LETTERS

Gamit ang mga pinaghalong letra, tukuyin ang mga konsepto at salitanginilarawan ng sumusunod na kahulugan ng mga estruktura ng pamilihan. Isulat ang mga nabuong sagot sa $\frac{1}{4}$ na papel.

1. Uri ng pamilihan na iisa lamang ang prodyuser.

LYONOMOPO	
------------------	--

2. Mayroon lamang isang namimili at maraming prodyuser ng produkto at serbisyo

ONPONYOSOM	
-------------------	--

3. May maliit na bilang o iilan lamang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatuuld na produkto at serbisyo.

OLYGIPOLOOY	
--------------------	--

4. Sa ganitong uri ng estruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga konsyumer. May kapangyarihan pa rin ang gma prodyuser na magtakda sa presyo ng kanilang produkto, mga halimbawa nito ay ang shampoo, sabon o toothpaste.

OMNOOLPIICST CMOPTINOETI	
---------------------------------	--

5. Sa ilalim ng ganitong sistema walang sinuman sa prodyuser at konsyumer ang maaring makakontrol sa takbo ng pamilihan partikular sa presyo

NGPANA AN OKMEPTNIYSO	
------------------------------	--

6. Ang lahat na prodyuser na bumubuo sa ganitong estruktura ay may kapangyarihang maimpluwensyahan ang presyo sa pamilihan

IHIDN PGNAAN AN OKEPMNIYSOT	
------------------------------------	--

7. Ito ay nangangahulugang maraming produkto na magkakatulad kung kaya't ang konsyumer ay maraming pagpipilian. Halimbawa, ang pechay, na galing sa Benguet ay walang pagkakaiba

OHOMNOESUG	
-------------------	--

8. Samahan ng mga bansang nagluluwas ng langis.

CPOE	
-------------	--

9. Isang uri ng *intellectual property right* na tumutukoy sa karapatang pagmamay-ari ng isang tao na maaaring kabilang ang mga akdang pampanitikan (*literary works*) o akdang pansining (*artistic works*)

YRTHGPOIC	
------------------	--

10. Mekanismo ng nagtatagpo ang mga mamimili at nagtitinda ng produkto

AMPIHINAL	
------------------	--



Isaisip

Sa maraming gawain na at pagsusuri ang iyong nasubukan mas lumawak ang iyong karanasan sa pag-unawa sa paksang pinag-aralan, parang palapit na palapit ka na sa pagpuno ng iyong kaalaman at tiyak na ikaw ay nasiyahan at namangha sa katangian ng iba't ibang estruktura ng pamilihan, susukatin pa ngayon ang iyong kagalingan.

Sa gawaing ito susuriin mo ang balita sa Remate, isang pahayagan sa Maynila na may pamagat na **ULTIMATUM** ni Benny Antiporda na naglalaman ng giyera ni Pangulong Duterte laban sa monopolista sa tubig sa Mega Manila, habang binabaybay mo ang laman ng balitang ito tiyak na masurpresa ka sa hakbang ng pamahalaan para labanan ang estruktura ng monopolyo sa dalawang kompanya. Pagkatapos mong matunghayan ang balitang ito kumuha ka ng kalahating papel at isulat ang iyong nadarama, saloobin, paghuhusga at maging pinal na desisyon na napili mong pinaka tumpak na pumasok sa iyong pag-iisip kung tama ba ang hakbang na ginawa ng pamahalaan at ibigay ito sa guro, huwag kalimutang sagutin ang mga pamprosesong tanong.



GIYERA SA MONOPOLYO SA TUBIG MEGA MANILA

December 6, 2019 @ 10:06 PM 3 days ago
Views: 175

MABUTING subaybayan nating lahat ang inilunsad na giyera ni Pangulong Rodrigo 'Digong' Duterte laban sa dalawang monopolista sa tubig sa Mega Manila. Sinabi ni Pangulong Digong na sasampahan niya ng kasong economic sabotage ang mga kompanyang Maynilad at Manila Water. Kasama rin sa mga sasampahan niya ng mga kasong kriminal, administratibo at sibil ang mga taong opisyal ng nasabing mga kompanya, mga abogado nila, mga opisyal at abogado ng pamahalaan na kasabwat nila upang magawa ang kontrata sa konsesyon na labag sa batas o public policy at public interest at pabor lamang sa mga kompanya. Inutusan na ng Pangulo ang Department of Justice at Office of the Solicitor General na gumawa ng reklamo na isasampa sa mga hukuman. Reaksyon ang mga ito ng Pangulo makaraang iutos ng arbitration court sa Singapore na magbayad ang pamahalaang Pilipinas sa dalawang konsesyonaryo ng P7.40 bilyon dala umano ng pagkalugi ng mga ito sa pagharang ng pagtataas ng presyo ng tubig mula Hunyo 1, 2015 hanggang November 22, 2019.

ONEROUS CONTRACT

Onerous contract o pabor lamang sa mga kompanya ng tubig at hindi sa taumbayan at pamahalaan ang nilalaman ng kontrata sa konsesyon na ginawa noon pang 1997 at panahon ni ex-President Fidel Ramos. Paliwanag ng Pangulo, kabilang sa mga mapagpasyang tadhana ng kontrata ang napakahabang panahon na hawakan ng mga kompanya ang distribusyon ng tubig, kawalan ng kapangyarihan ng pamahalaan na makialam sa problema rito at pagbabayad ng pamahalaan sa mgalugi ng mga ito. Ginawa umano ang serbisyo sa tubig hindi bilang serbisyo publiko kung pagkakaperahan o gatasan lamang. Idiniin din ng Pangulo na sa halip na bantayan ng mga ahente at abogado ng pamahalaan ang interes ng mamamayan at pamahalaan, sadyang tumalikod umano ang mga ito para sa kanilang pansariling interes.

BAGONG KONTRATA

Bukod sa pagsasampa ng mga kaukulang kaso, nagpapabuo na rin ng Pangulo ng bagong kontrata upang maituwid ang lahat ng kaaliwaswasan sa kasalukuyang kontrata. Dapat umanong tunay na diwa ng serbisyo publiko ang laman ng kontrata at pabor sa mamamayan at pamahalaan.

HINDI MAGBABAYAD

Tahasan ding ipinahayag ni Pangulong Digong na hindi magbabayad ang pamahalaan ayon sa kautusan ng arbitration court. Ito'y sa gitna ng posibleng pag- apela ng pamahalaan sa desisyon ng arbitration court. Ngunit higit sa karapatang mag-apela, ipinunto ng Pangulo na may dinudugas lang ang mga kompanya sa mga mamamayan at pamahalaan sa bisa ng onerous contract na dapat na baguhin. Kung may magagawa nga namang bagong kontrata, posibleng masama na maituwid ang “pandurugas” ng mga kompanya at mapawi ang claim ng mga ito sa nasabing dayuhang hukuman.

HINDI LUGI

Sa Kamara naman, ayon sa panimulang pagsusuri ni Dasmariñas City, Cavite Congressman Elpidio Barzaga, lumalabas na hindi tugma ang mga pinagsasabi ng mga kompanya na lugi sila. Inilabas ni Barzaga ang ulat mismo na kumita ito ng P6.5 bilyon noong 2015 o anim na porsyento kumpara sa nagdaang taon o 2014.

Iniulat din mismo umano ng Maynilad na kumita ito ng P7.3 bilyon noong 2018 kumpara sa kita nitong P6.8 bilyon noong 2017. Hindi rin kapani-paniwala na nalulugi ang dalawang kompanya dahil sa sobrang taas ng halaga ng tubig na kanilang sinisingil. Sa rekord ni Barzaga, mga Bro, sinabi noon ni Pang. Ramos na babaa ang singil sa tubig sa pagpasok ng dalawa bilang konsesyonaryo. At bumaba naman talaga ang presyo sa parte ng Maynilad sa 44 porsyento at sa Manila Water sa 74% pero mula lang ito sa unang dalawang taong operasyon ng mga kompanya.

Pagkatapos nito mabilis nang tumaas ang presyo ng tubig hanggang umabotna ito noong 2004 sa katamtamang 384% para sa Manila Water sa singil na P10.4 per cubic meter at sa 130% para sa Maynilad sa singil na

P11.39 kada metro kubiko. Ang singil sa tubig noong 1997 ay P4.96 kada metro kubiko lamang. Sa ibang salita, nagtriple ang singil ng Maynilad habang mas masahol ang sa parte ng Manila Water.

SUMALI LAHAT


Napakahalagang bagay sa buhay ng tao ang tubig, mga Bro. Sa idineklarang giyera sa monopolyo o maswitik na negosyo sa tubig, lahat tayo ay apektado. Mula sa Metro Manila hanggang sa mga bahagi ng Bulacan, Rizal, Laguna at Cavite na inaabot ng konsesyon ng dalawang kompanya. Dahil sa sobrang mahal na tubig na nagpapahirap sa milyon-milyong mamamayan gaya ng 15 milyong residente lamang ng Metro Manila, nararapat lang na hindi lang tayo susubaybay kundi sumali sa giyera hanggang sa maging makatarungan at patas ang bayarin sa tubig. Kabilang na rin dapat sa sasalihan nating giyera ang pandurugas ng mga kompanya sa pagtatayo ng sewerage system na sa loob ng mahigit 20 taong konsesyon, wala pa silang nagagawang sapat na poso negro. Pero tuloy-tuloy ang pagbabayad natin pararito at kung tayo'y agad na nangangailangan ng paglilinis sa poso negro, kailangan pa rin nating magbayad sa kanila o pupunta sa ibang kompanya paraipalinis ang ating mga kubeta.

OOO

Anomang reaksiyon o reklamo ay maaaring iparating sa 09228403333 o i-email sa bantiporda@yahoo.com – ULTIMATUM NI BENNY ANTIPORDA

Pamprosesong Tanong:

1. Sino ang nag-ulat sa balitang iyong binasa?
2. Saan nakatuon ang laman ng balita?
3. Ano ang nararamdaman mo nang nalaman ang mga pangyayari? Ano ang dahilan sa pakikipaglaban na inilunsad ng pamahalaan? Makakabuti kaya ang hakbang na ito? Bakit?



Isagawa

Malayo na ang narating mong kaalaman tungkol sa mga estruktura ng pamilihan ngunitito ay hindi pa sapat kung walang maipakita, maiparinig at personal na maipahayag at higit sa lahat magawa ang mga natutunan tungkol sa pinag-aralang paksa bilang isang mag-aaral. Ngayon sa panghuling gawain pumili ka ng isang estruktura ng pamilihan, magsulat ka ng iskrip ng isang talumpati na tatagal ng tatlong minuto, ang laman ng talumpati ay hango sa estrukturang iyong napili, pagkatapos mabuo ang iskrip isasaulo ito at ipresenta. Gawin ang presentasyon sa harap ng iyong mga magulang o mga kapatid sa loob ng bahay, pagkatapos nito hayaan mo ang iyong mga magulang o mga kapatid na makapagsasalita sa kanilang impresyon o masasabi tungkol sa pagtatanghal na iyong ginawa ipabidyo mo ito o iparekord at ipakita sa iyong guro pagbalik mo sa paaralan pero kung wala kang kagamitan yong iskrip mo na lang ang ipakita, sa harap ng guro ka na lang magpresenta sa talumpati. Huwag mong sabihin sa guro kung anong estruktura ng pamilihan ang iyong napili dahil pagkatapos sa pagpakita mo sa bidyo o pagpaparinig mo sa rekord o kaya'y pagpresenta mo sa iyong talumpati sasabihin niya ano ang napili mo. Ang pagpresenta nito ay may katumbas na marka gamit ang rubrik, Iabase sa rubrik ang pagbibigay ng puntos sa guro sa bidyong iyong ipapakita o record na ipaparinig o kaya'y aktwal na pagpresenta sa talumpati sa harap ng guro.

Gawain 8: SOMA (STATE OF THE MARKET ADDRESS) TALUMPATI

Tugma sa mga pamprosesong tanong ang pagtatanghal sa talumpating ito.
Pamprosesong Tanong:

1. Tungkol sa anong estruktura ng pamilihan ang iyong ginawang talumpati?Bakit ito ang napili mo?
2. Ano ba ang laman ng iyong talumpati?
3. Tumpak ba ang mga terminolohiyang iyong ginamit upang higit namaunawaan ang konsepto ng estruktura ng pamilihan?
4. Nakakabuti ba o hindi nakakabuti sa presyo ng mga bilingin sa pamilihan angpag-iiral sa estrukturang ito? Bakit?
5. Nailalahad mo ba ang taglay na kalakaran sa istrukturang ito?
6. Sa iyong palagay maliwanag bang naiparinig ang laman ng konsepto ngestruktura ng pamilihan na iyong itinanghal?

RUBRIK PARA SA TALUMPATI

Pamantayan/ Indikador	Puntos	Nakuhang Puntos
A. Mahusay at maliwanag na naiparinig ang laman ng talumpati gamit ang mga salitang madaling maintindihan.	10- kung 1 pamantayan ay natamo	
B. Nakasentro ang paglikha ng konseptong ipahayag na talumpati sa napiling estruktura ng pamilihan.	20- kung 2 pamantayan ay natamo	
C. Malikhain ang ginawang pagtatanghal at nakakapukaw pansin sa pag-iisip at damdamin ng mga tagapakinig nito.	30- kung 2 pamantayan ay natamo	
Kabuuang Puntos	30	



Tayahin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. Piliin ang wastong sagot at isulat sa $\frac{1}{4}$ na papel.

1. Ang pamilihang may iilang suplayer o tagapagprodyus lamang
 - A. perpektibong kompetisyon
 - B. monopolyo
 - C. monopolistikong kompetisyon
 - D. oligopolyo
2. Ang kita ay
 - A. diperensya sa pagitan ng kabuuang benta at ng puhunan sa isang negosyo
 - B. produktong hindi naiprodyus nang sapat sa malayang pamilihan at madalas na ipinagkakaloob ng pamahalaan
 - C. satisfaksyon na nakukuha ng mga konsyumer mula sa pagkonsumo nila ng mga produkto at serbisyo
 - D. pinakamataas na halaga na nais ibayad ng mga mamimili para sa partikular na dami ng produkto o serbisyo
3. Kung mga identikal na produkto lamang ang ipinagbibili sa pamilihan, ang pamilihang nabanggit at isang
 - A. monopolyo
 - B. perpektibong kompetisyon
 - C. monopolistikong kompetisyon
 - D. oligopolyo
4. Istruktura ng pamilihan na inilalarawan ng kawalan ng kontrol sa presyo ng mga nagbebenta, maraming magkatulad ngunit pinag-ibang produkto dahil sa tatak, at malayang nakapapasok o nakalalabas ang mga nagbebenta sa industriya.
 - A. perpektibong kompetisyon
 - B. monopolyo
 - C. monopolistikong kompetisyon
 - D. oligopolyo
5. Ang katumbas ng oligopsonyo ay ang
 - A. monopolyo
 - B. perpektibong kompetisyon
 - C. monopolistikong kompetisyon
 - D. oligopolyo

6. Ang mga kalahok sa isang pamilihing may perpektong kompetisyon ay gumagamit ng advertising o pag-aanunsyo bilang istrategiya ng pagbebenta. May impluwensiya ba ang pag-aanunsyo sa epektibong pagbebenta?
 - A. Mayroon dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - B. Mayroon dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - C. Wala dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - D. Wala dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
7. Ang istruktura ng pamilihan ay ibinabatay sa
 - A. Dami at digri ng kontrol ng bawat indibidwal na kalahok sa pamilihan
 - B. Pag-aanunsyo o hindi pag-aanunsyo ng produkto
 - C. A at B
 - D. Wala sa pagpipilian ang sagot
8. Ang Shell, Petron, at Caltex ay mga kalahok sa pamilihing

A. monopolyo	C. monopolistikong kompetisyon
B. oligopolyo	D. perpektong kompetisyon
9. Ang pamilihing may kartel ay katangian ng isang

A. monopolyo	C. monopolistikong kompetisyon
B. perpektong kompetisyon	D. oligopolyo
10. Ang pagbebenta ng kuryente ng MERALCO lamang ay halimbawa ng isang

A. monopolyo	C. monopolistikong kompetisyon
B. oligopolyo	D. perpektong kompetisyon



Karagdagang Gawain

Ang dami mo nang alam sa pamilihan at estruktura nito hinikayat kang payamanin at dagdagan ang kagalingang ito at iminumungkahing maging mapagmasid at makikialam sa mga programa ng gobyerno na inilunsad at mga hakbang sa paglutas sa mga problemang pang-ekonomiya lalong lalo na sa takbo ng presyo sa mga produktong petrolyo, kuryente, tubig at iba pa sa pamilihan sa pamamagitan ng pangangalap ng impormasyon sa telebisyon, radyo o sa diaryo. Kung may nahukay kang balita tungkol sa nabanggit na mga problemang pang-ekonomiya kung paano mabigyan ng solusyon ang mga problemang ito iulat mo ang mga ito sa guro pagbalik mo sa paaralan. Sa gawing pag-uulat isa- alang-alang mo rin ang mga katanungan sa ibaba.

Gawain 9: BALITAAN NA-IULAT KO

Pamprosesong Tanong

1. Tungkol saan ang iyong nakalap na balita?
2. Sino ang nagpalabas at saan nanggaling ang balitang ito?
3. Ano ang kinalaman nito sa paglutas sa mga problemang pang-ekonomiya?



Susi ng Pagwawasto

- Subukin (1-10)
1. B
 2. A
 3. A
 4. B
 5. C
 6. A
 7. C
 8. D
 9. C
 10. A

Balikan
Gawain 1: E-Demand at E-Supply Mo!

DAHILAN	EPEKTO
<p>Si Elijah ay nag-iisip kung ano ang kanyang bibilihin na bulaklak sa kaarawan ng kanyang ina. Ang kaarawan ng kanyang ina ay tuwing "Araw ng mga Puso".</p> <p>Tuwing tag-ulan malimit lamang ang supply ng bigas at isda sa pamilihan dulot ng El Niña.</p> <p>Si Princess ay pumunta sa palینگke ubang bumili ng manga. Siya ay nagulat dahil napakaraming mangga ang kanyang nakita sa palینگke na nakahelra sa ibat-ibang lalagyan.</p>	<p>Ang presyo ng bulaklak ay mahal / tataas dahil maraming bibili nito tuwing "Araw ng mga Puso" na ibibigay sa kanilang mga mahal sa buhay.</p> <p>Ang presyo ng bigas at isda ay tataas / mahal dahil malimit lamang ang supply ng bigas at isda tuwing may El Niña.</p> <p>Ang presyo ng manga ay mababa dahil maraming supply ng manga sa pamilihan</p>

Gawain 2: Pictulage (Picture-Collage)



GAWAIN 4: MARKET STRUCTURE IDENTIFICATION: THREE WORDS ONE MARKET STRUCTURE

1. Sapatos, T-Shirt, Pantalon	10. Maynilad, MWSS, NGCP
2. Patis, Vegetable Oil, Vinegar	9. Cellphones, Softdrinks, Home Appliances
3. Prutas, Karne, Gulay	8. Kabilya, Gasolina, Semento
4. Pulis, Sundalo, Bombero	7. MRT, LRT, MMDA
5. Tubig, Telapono, Kuryente	6. Sabon, Shampoo, Toothpaste
6. Monopsonyo	5. Tubig, Telapono, Kuryente
7. Ganap na kompetisyon	4. Pulis, Sundalo, Bombero
8. Ganap na kompetisyon	3. Patis, Karne, Gulay
9. Monopolistic Competition	2. Patis, Vegetable Oil, Vinegar
10. Monopoly	1. Sapatos, T-Shirt, Pantalon

Gawain 5: MARKET-ANALYSIS; VENN DIAGRAM

1. Ito ay ang monopolyo, monopsonyo at oligopolyo.
 2. Opo may pagkakatulad ang mga ito sa dahilang silang tatio ay may kayang kontrolin ang presyo sa pamilihan.
 3. Nagkaroon sila ng pagkakatiba sa katangiang ang monopolyo ay isa lang ang nagtutinda ng produkto, ang oligopolyo naman ay mangilan ng ilan lang ang nagtutind sa magkatalad na produkto tulad ng semento at langis samantalang ang monopsonyo ay isa lang bumibili sa nagkaiba-ibang produkto o serbisyo tulad ng gobyerno na siyang tagabili sa mga serbisyo ng guro, pulis, nars at iba pa.
 4. Ang nagiging pananaw ko dito ay wala akong mapagpipilian at mapilitan akong bibili sa mga produkto na walang kapalit na mas mura pa sa itinakdang presyo nila sa pamilihan.

Gawain 6: JUMBLED LETTERS.

1. Monopolyo
2. Monopsonyo
3. Oligopolyo
4. Monopolistic Competition
5. Ganap na Kompetisyon
6. Hindi Ganap na Kompetisyon
7. Homogenous
8. OPEC
9. Copyright
10. Pamilihan

Gawain 7: GIYERA NA-TITIRA KA BA? MAHINAHON LANG

1. Ang nag uat sa baitang ito ay si Benny Antiporda
2. Nakauon ito sa monopolyo ng tubig sa Metro Manila
3. Naging malungkot ako sa mga pangyayari na sobrang taas pala ng presyo sa tubig na kanilang siningil sa mga consumers.
4. Ang dahilan ay hindi makatarungan at hindi patas ang bayarin sa sobrang singil ng tubig sa Mega Manila. Nakakabuti ang hakbang na ito na ginawa ng ating gobyerno sa administrasyong Duterte pang mapababa ang bayarin ng singil sa tubig na nakapagdulot rin ng paghihirap sa mga mamamayan sa ating bansa.

Gawain 8: SOMA (STATE OF THE MARKET ADDRESS) TALUMPATI

Para sa guro:
 Matapos makolekta ng guro ang sulating pantalumpati, bigyan ito ng iskor batay sa rubriks na nasa ibaba.

Pamanatayan/ Indikator	Puntos	Nakuhang Puntos
A. Mahusay at maliwagan ang pagkasulat sa laman ng talumpati gamit ang mga salitang madaling maintindihan.	10- kung may 1 pamanatayan ang natamo	
B. Nakasentro ang paglikha ng konseptong ipahayag na talumpati sa napiling istruktura ng pamilyan.	20- kung may 2 pamanatayan ang natamo	
C. Malikhain ang ginawang pagsulat o pagpapahiwatig at nakakapukaw pansin sa pag-iisip at damdamin ng mga bumasa nito.	30- kung may 2 pamanatayan ang natamo	
Kabuuanang Puntos	30	

Gawain 9: BALITAN NA-LULAT KO

Ang nakalap kong balita ay tungkol sa _____ sa paglutas sa mga problemang pang-ekonomiya. Itay may kinalaman na ipinalabas

Tayahin (1-10)

1.	D	6. D
2.	A	7. A
3.	B	8. B
4.	C	9. D
5.	D	10. A

Gawain 2: Pictulage (Picture-Collage)

1. Ang mga larawan ay tungkol sa pamilyan at iba't ibang mga anyo o estruktura nito, nagpapakita ito ng aktwal na kalakaran sa pamilyan araw-araw.
2. Merong pagkakarapaha o pagkakatulad ang mga larawang makikita tulad ng logo ng SMART, TALK N TEXT, GLOBE at TM dahil pareho silang mga kompanya ng telepono.
3. Ang larawang may tore ng komunikasyon at poste ng kuryente ang madalas dahil palagi ko itong ginagamit sa bahay at higit sa lahat ang larawang may mga pagkain na nakapagbigay lakas ng katawan.

Suriin: Pamprosesong Tanong

1. Ito ay isang mekanismo o lugar na nagtatagpo ang mga mamimili at nagtinda ng mga produkto
2. May dalawang pangunahing estruktura ng pamilyan at hindi ganap na kompetisyon
3. Ito ang ganap na kompetisyon at hindi ganap na kompetisyon

Gawain 3: GRAPHIC ORGANIZER

1. Ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilyan ay may ganap na kompetisyon at hindi ganap na kompetisyon
2. Ang mga estrukturang ito ay monopolyo, monoposnyo, oligopolyo at monopolistic competition.
3. Ang katangian ng mga estrukturang ito ay kaya nilang maimpluwensyahan ang takbo ng presyo sa pamilyan.
4. Oo nakakaapekto ito sa dahilang kontrolado nito ang presyo at suplay ng produkto sa pamilyan na naging sanhi rin sa pagtaas at pagbaba ng demand ng mga tao sa pagtugon sa kanilang pangangailangan.

Gawain 2: Pictulage (Picture-Collage)

1. Ang mga larawan ay tungkol sa pamilyan at iba't ibang mga anyo o estruktura nito, nagpapakita ito ng aktwal na kalakaran sa pamilyan araw-araw.
2. Merong pagkakarapaha o pagkakatulad ang mga larawang makikita tulad ng logo ng SMART, TALK N TEXT, GLOBE at TM dahil pareho silang mga kompanya ng telepono.
3. Ang larawang may tore ng komunikasyon at poste ng kuryente ang madalas dahil palagi ko itong ginagamit sa bahay at higit sa lahat ang larawang may mga pagkain na nakapagbigay lakas ng katawan.

Suriin: Pamprosesong Tanong

1. Ito ay isang mekanismo o lugar na nagtatagpo ang mga mamimili at nagtinda ng mga produkto
2. May dalawang pangunahing estruktura ng pamilyan at hindi ganap na kompetisyon
3. Ito ang ganap na kompetisyon at hindi ganap na kompetisyon

Gawain 3: GRAPHIC ORGANIZER

1. Ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilyan ay may ganap na kompetisyon at hindi ganap na kompetisyon
2. Ang mga estrukturang ito ay monopolyo, monoposnyo, oligopolyo at monopolistic competition.
3. Ang katangian ng mga estrukturang ito ay kaya nilang maimpluwensyahan ang takbo ng presyo sa pamilyan.
4. Oo nakakaapekto ito sa dahilang kontrolado nito ang presyo at suplay ng produkto sa pamilyan na naging sanhi rin sa pagtaas at pagbaba ng demand ng mga tao sa pagtugon sa kanilang pangangailangan.

Mga Sanggunian

1. Balitao, B., Ong, J., Cervantes, M., Ponsaran, J, Nolasco, L, & Rillo, J. (2012). *Ekonomiks: Mga Konsepto at Aplikasyon*. Quezon City, Philippines: Vibal PublishingHouse, Inc., Department of Education, Culture and Sports (DECS). (n.d.). *Project EASE Modulle*. Pasig City: DECS *at ibang pinagkukunan*, Mga larawan sa Internet na pag-aari ng Deped. *pahayagang REMATE at kay undersecretary Benny Antiporda*
2. Balitao, Bernard R., Buising, Martiniano D., Garcia, Edward DJ., De Guzman, Apollo D., Lumibao, Juanito Jr. L., Mateo, Alex P., Mondejar, IreneJ.
3. DepEd, EKONOMIKS, Araling Panlipunan Modyul Para sa Mag-aaral
4. DepEd, EKONOMIKS, Manwal ng Guro para sa Ikaapat na Taon
5. <https://www.remate.ph/gyera-sa-monopolyo-sa-tubig-mega-manila/https://www.google.com/search?q=benny+antiporda+pic+in+ultim+at+um+of+remate&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=oRNZxILelSA-KM%252C1uLKWtLwC4rEwM%252C+vet>
6. <https://www.slideshare.net/sherwinm29/ekonomiks-learning-module-yunit-2>
7. Photos: herrysandalocampo

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph